



MGA BAGONG BALITA PARA SA KOMUNIDAD

Sentro ng pagbabakuna sa Moorebank Logistics Park: mahigit 4,500 na dosis ibinigay

Isang sentro ng pagbabakuna laban sa Covid-19 ay pinapatakbo sa Moorebank Logistics Park simula noong Septyembre upang mapabilis ang pagkakahakuna sa Pfizer sa Kanlurang Sydney, na may mahigit 4,500 dosis na ang naibigay.

Pinatatakbo ng Company Medical Services (CMS) at pinondohan ng bumuo at namamahala ng Moorebank Logistics Park na Qube Holdings, ang libre na paggamit sa sentro ng pagbabakuna ay itinatag na may tulong mula sa Moorebank Intermodal Company ng Komonwelt.

Ang kauna-unahang layunin ang ang pagbibigay ng mga bakuna sa mga essential worker sa lokal na komunidad kabilang ang pangangalaga sa kalusugan, mga manggagawa sa pangangalaga may kapansanan at may edad, mga manggagawa sa pamamahagi ng pagkain, mga manggagawa sa transportasyon at logistik, mga manggagawa ng pangunahing mga serbisyo at sa kanilang mga pamilya.

Ang sentro ng pagbabakuna ay pinatatakbo sa bagong Warehouse 5 ng Qube Logistics sa loob ng Moorebank Logistics Park na matatagpuan sa 400 Moorebank Avenue, Moorebank.

Ayon kay Qube Managing Director Paul Digney, ang sentro ay nagbibigay ng kritikal na pagbabakuna sa mga manggagawa ng industriya sa daloy



ng produkto at serbisyo (supply chain industry) upang mapanatiling tumatakbo ang mga mahahalagang serbisyong ito.

“Ang Qube ay isang pangunahing tag-empleyo sa lokal na lugar na may makabuluhang mga pasilidad at kakayahan sa logistics. Nakilala namin na mayroon kaming kapasidad na suportahan ang sektor ng daloy ng produkto at serbisyo at mapabilis ang bilang ng pagbabakuna sa pamamagitan ng pagtatatag nitong sentro ng pagbabakuna,” ani niya.

“Ang bagong Warehouse 5 ng Qube sa Moorebank Logistics Park ay perpekto para sa operasyon na ito at kami ay labis na nasisiyahan na mabilis na nakabuo ng plano para sa paggamit nito bilang isang sentro ng pagbabakuna, na may tulong mula sa Pamahalaang Komonwelt at CMS.”

Lokal na pagtuon ng pansin ng Lockdown

Ang mga developer at kontratista ng Moorebank Intermodal Terminal ay nakikipagtulungang mabuti kasama ang mga lokal at estadong awtoridad upang matiyak na sinusundan namin ang lahat ng mga aspeto ng kautusan sa Covid-19 lockdown at mga pinaghihigpitang patakaran sa konstruksyon para sa Liverpool LGA habang pinoprotektahan pa rin ang maraming mga lokal na trabaho hangga’t maaari.

Kasunod ng kumpletong pagtigil noong huling bahagi ng Hulyo, nakipagtulungan kami kasama ang Pamahalaang NSW upang kilalanin ang mga ligtas na paraan ng pagtatrabaho hanggang sa 50 porsyento na kapasidad ng lugar at nagboluntaryo na maging isang lugar ng pagsusuri ng rapid antigen ng mga manggagawa sa konstruksyon, pati na rin ang pagpopondo ng isang sentro ng pagbabakuna laban sa Covid-19 sa lugar (tingnan ang balita sa itaas).

Malugod naming tinatanggap ang mga kamakailang pagsulong patungo sa 100 porsyento na operasyon sa lugar at ang naka-yugtong muling pagbubukas mula sa lockdown na magaganap nitong mga huling tatlong buwan ng taon.

Kinikilala namin ang mga napakalaking sakripisyo na hiniling sa mga komunidad ng timog-kanlurang Sydney sa mga nagdaang buwan at tinitiyak na ang aming pagtuon sa pakikipag-ugnay sa mga lokal na kontratista at mga tagapagbigay ng panustos ay nananatiling malakas habang tayo ay nanunumbalik mula sa pandemya.

Nalaman mula sa isang pag-audit sa nakaraang taon na sa bawat dolyar na ginastos sa proyekto ng Moorebank Logistics Park hanggang sa kasalukuyan, mahigit isang ika-apat ay napunta sa mga negosyo sa mga LGA ng Liverpool, Campbelltown, Fairfield at Canterbury-Bankstown, habang ang parehong halaga ay ginastos sa iba pang mga LGA ng Western Sydney – isang kabuuang 55 sentimo sa bawat dolyar na ginagastos nang lokal.

Dibersiyon sa Moorebank Avenue ginagamit na

Bilang isang resulta ng mahabang Covid-19 lockdown, maaaring hindi alam ng maraming mga miyembro ng lokal na komunidad na ang Moorebank Avenue ay lumihis sa isang pansamantalang daanan upang paganahin ang isang malaking pagpapaganda sa kasalukuyang daan.

Pinahihintulutan ng daanang dibersiyon ang aming mga kontratista na magsagawa ng isang komprehensibong pagpapaganda sa Moorebank Avenue na kabilang ang pagtaas ng ibabaw ng kalsada ng dalawang metro upang payagan ang konstruksyon ng isang makabagong paagusan at sistema ng tubig-ulan.

Magtatayo rin kami ng mga interseksyon sa Anzac Road, ang entrada sa Department of Defence Joint Logistics Unit at sa parehong silangan at

kanlurang panig ng aming development, na ang bawat isa ay maglalaman ng isang intermodal rail terminal at nauugnay na warehousing.

Ang mga pansamantalang interseksyon ay kumonekta sa mga pasilidad na iyon mula sa aming dibersiyon na daan at hinihiling namin sa mga gumagamit ng daan na mangyaring sundin ang mga limitasyon sa tulin ng ginagawang kalsada, magkaroon ng kamalayan sa mga manggagawa at tiyakin bibigyan nila ng pansin ang mga kumokontrol sa trapiko kapag sila ay namamahala.

Abangan ang mga karagdagang mga bagong balita habang itong kapana-panabik na proyekto ay ginagawa.



Mas simple, malinaw na pagpapalano para sa Moorebank Intermodal

Ang Pamahalaang NSW ay nagmumungkahi ng isang bagong State Environmental Planning Policy (SEPP) na gagamitin sa proyektong Moorebank Intermodal Terminal, na kasama ang mga miyembro ng pamayanan na magbibigay ng kanilang puna sa Setyembre.

Ang bagong Moorebank Intermodal SEPP ay magpapabilis sa mga proseso ng pagtatasa, magpapahusay sa pagiging malinaw at magpapabilis sa paghahatid ng mababang epektong pagtatayo sa loob ng presinto.

Ang isang Explanation of Intended Effect (EIE) ay ihihanda upang magbigay ng karagdagang mga detalye ng iminungkahing Moorebank Intermodal SEPP. Makikita ito sa www.planningportal.nsw.gov.au/moorebank-SEPP.

Paalala, ito ay isang inisyatiba ng Pamahalaang NSW, at hindi isang pagpapairal ng Moorebank Logistics Park.

Sinabi ni Department of Planning, Industry and Environment Executive Director of State Policy and Strategic Advice, Felicity Greenway, na ang iminungkahing pagbabago ay magtatakda ng malinaw na mga patakaran

sa kung anong trabaho sa Moorebank site ang nangailangan ng pag-apruba sa pagtatayo.

“Ang mga detalyadong plano para sa presinto ay naaprubahan na ng Independent Planning Commission, ngunit kailangan ng mga pag-apruba ng indibidwal na pagpapalano sa tuwing nais ng aplikante na magtayo ng isang bagong bodega o iba pang mga pasilidad na nauugnay sa operasyon ng presinto,” sinabi ni Ms Greenway.

“Magkakaroon ng maraming aktibidad sa lugar sa darating na mga taon. Ang panukalang ito ay magpapabilis sa proseso at magbibigay ng matapat na paglilinaw sa komunidad tungkol sa kung ano ang pinapayagan at hindi.

“Nagmumungkahi kami ng mahigpit na mga patakaran sa trapiko at kataas na dapat matugunan bago maisagawa ang anumang paggawa” sabi niya.

Kasalukuyang inisinyasat ng DPIE ang mga natanggap na pagsusumite sa panahon ng 6 na araw na exhibition at nagtatrabaho upang tapusin ang nilalaman ng EIE at SEPP bago matapos ang taon.



Ang una sa dalawang sentro ng distribusyon ng Woolworths ay binubuo

Binubuo ang bodega ng Woolworths

Maaaring napapansin sa mga nakaraang linggo ng mga masigasig na tagamasid na ang istraktura ng unang bagong pangrehiyon at pambansang mga sentro ng distribusyon ng Woolworths ay nagsimula nang magkaroon ng anyo sa kanluran ng Moorebank Avenue.

Kapag kumpleto na, ang dalawang bodega ay sasaklaw ng humigit kumulang na 75,000 metro kwadrado, katabi ng isang interstate na terminal ng riles na makakatulong upang maillipat ang mga kalakal sa pagitan ng Melbourne at Brisbane.

Inaasahan ng Woolworths magbubukas ang bagong National Distribution Centre at Moorebank sa 2024, at ang katabing Regional Distribution Centre na makukumpleto sa susunod na taon.

Itong pagsasagawa sa isang hinaharap sa Moorebank ay ang pinakamalaking pamumuhunan sa kapital ng Woolworths.

Papalapit na ang pagka-automation



Ang mga tauhan ng Kalmar ay masigasig na nagtatrabaho sa proyektong Import/Export na terminal ng riles, itinatayo at sinusubukan ang mga gantry crane na gaganap ng isang pangunahing papel sa awtomatikong pagpapatakbo ng terminal ng riles sa hinaharap. Ang automation, gamit ang mga de-kuryenteng makinarya, ay nangangahulugang ng mas tahimik, mas mahusay at mas ligtas sa kapaligiran na pagpapatakbo ng terminal ng riles.

Pag-realign ng Moorebank Avenue

Maraming salamat sa mga 15 na kasapi ng lokal na komunidad na nagbigay ng isang pagsumite sa panahon ng proseso ng pampublikong eksibisyon para sa Moorebank Avenue Realignment.

Ang realignment, isang piraso ng State Significant Infrastructure, ay gagawing paglihis (divert) ng Moorebank Avenue sa silangan ng ginagawang presinto ng terminal sa pagitan ng Anzac Road at ng linya ng riles ng East Hills.

Dudoblehin ang kapasidad ng daan sa dalawang linya sa bawat direksyon at isasama ang mga bagong interseksyon upang makapasok sa mga bodega na itatayo sa silangang bahagi ng pinagtatayuan ng Moorebank Logistics Park.

Isinasalang-alang na ngayon ng Department of Planning, Industry and Environment ang mungkahi, mga isinumite ng komunidad at stakeholder at ang aming Puna sa mga Isinumite (submissions) habang patuloy itong magtatrabaho tungo sa isang desisyon.

Karagdagan dito, nagsisiyasat ang Transport for NSW sa pagpapaganda ng Cambridge Avenue, na kabilang ang pagiging apat na linya ang Moorebank Avenue sa pagitan ng Cambridge Avenue at ng kinatatayuan ng Moorebank Intermodal. Ang pag-upgrade na ito ay isang Proposed Initiative in Infrastructure Australia's Priority List.



— Patuloy na pag-alignment
- - - Ang pag-realign ng Moorebank Avenue

Panatiliing may kaalaman at nakikipag-ugnayan

Ang aming proyekto ay may mga bahagi sa pagpapalano, konstruksyon at pagpapatakbo. Kami ay nakatuon sa pagpapanatiling may pagkaka-alam ng komunidad sa lahat ng mga akdibidad sa www.simta.com.au at sa pamamagitan nitong regular na newsletter at mga abiso ng proyekto na inihahatid sa mga tahanan na malapit sa aming mga lugar ng trabaho.

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa mga nakaplano o isinasagawa sa lugar, tumawag sa 1800 986 465 o gamitin ang porma sa pakikipag-ugnay na nasa website ng proyekto.

Ang email ng aming proyekto ay simta@elton.com.au



Makipag-ugnay sa Amin

Mangyaring bisitahin ang aming website:



www.simta.com.au
para sa karagdagang impormasyon



Level 27, 680 George Street Sydney,
NSW 2000 Australia

Para sa mga partikular na katanungan, mangyaring:



tumawag sa 1800 986 465



o magpadala ng mga nakasulat na katanungan o puna sa simta@elton.com.au